PANDAYAN

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ALL-UP WORKERS ALLIANCE

Espesyal na Isyu Oktubre 5, 2011

PAGPUPUGAY SA MGA GURO NG BAYAN SA MAKASAYSAYANG WORLD TEACHER'S DAY 2011!

Ngayon ang Araw ng mga Guro at ngayong taon din ang ika-150 na kaarawan ng bayaning si Jose Rizal. Parang napakatagal na, pero ang mga salita mula sa nakaraan ay tila may bisa pa rin sa kasalukuyan. Sa *Noli me Tangere* ni Jose Rizal, sinabi ng isang guro kay Ibarra:

"Ibig ninyong malaman ang mga sagabal na nakahahadlang sa pagtuturo? Kung gayo'y pakinggan ninyo: sa kalagayan namin ngayon, kung walang malaking suporta ay hindi maisasagawa ang pagtuturo. Una, sapagka't walang makaakit sa kabataan sa pag-aaral, at pangalawa, kahit na magkaroon ng pang-akit, ay problema naman ang kakulangan sa kagamitan at maraming iba pang suliranin. Sinasabing sa Alemanya ay walong taong nag-aaral ang anak ng tagabukid. Sino ang mag-aaksaya dito ng kalahati man lamang ng panahong iyan, sa napakakaunting bagay na napapala? Nagbabasa, nagsusulat at nagsasaulo ng mga bahagi at kung minsa'y buong aklat sa wikang Kastila, nang walang naiintindihang isa mang salita: Ano ang napapala sa paaralan ng mga anak ng ating mga tagabukid?"

"Sinubukan kong gawing maging masaya at malugod ang pag-aaral. Ang teksbuk ay tinangka kong maging kaibigan ng bata, na magtuturo sa kanya ng mga kamangha-manghang lihim at hindi munting aklat na itim na puno ng luhang kabataan. Hinangad kong ang paaralan ay maging isang pook na liwaliwan ng kaisipan at hindi isang pook ng pahirap."

Gusto mong malaman kung ano ang mga sagabal sa pagtuturo sa kasalukuyan? Taliwas sa kasalukuyang ipinapangalandakan sa atin ng mga ahensya ng pamahalaan at mga malalaking negosyante sa edukasyon, hindi simpleng negosyo lamang ang turing ng guro sa *Noli* sa edukasyon. Hindi ito bagay na nararapat pagkakakitaan o bagay na kailangang tapusin para lamang magkaroon ng trabahong kakarampot ang sahod o kahit mataas nga ang kita ngunit nakakapundi naman sa ating pagkatao. Ang paaralan ay isang lugar kung saan ginagabayan ng guro ang mag-aaral upang makatuklas sa mga kamangha-manghang lihim ng kalikasan at lipunan. Ito ang pook ng pagliliwaliw ng kaisipan at paglipad ng imahinasyon. Ito rin ang lugar kung saan dapat maituro ang mga bagay na makabuluhan sa nakararaming kabataang tagabukid at anakpawis. Higit sa ano pa mang negosyo, ang silid-aralan ay dapat maging lugar ng pagtatanong, pagsusuri at pag-alpas sa mga tanikalang pangkamalayan.

Ito ang tunay na kahulugan ng pag-aaral.

Pero ang pagkamit nito ay puno ng sagabal at hadlang. Tulad ng sinabi rin ng guro kay Ibarra, nariyan ang kakulangan sa klasrum, aklat at kagamitan. Higit sa lahat, kulang sa diwang mapanuri, makabuluhan at mapagpalaya dahil sa maling mga patakaran at tunguhin sa kasalukuyang komersyalisadong edukasyon. Nakaatang sa mga guro ang isang napakabigat na tungkulin maliban pa sa bigat ng kanilang pang-araw-araw na trabaho. Matagal na nilang nalalaman ang mga sagabal sa pagtuturo at pagkatuto. Ngayong Pandaigdigang Araw ng mga Guro ay muli nating isinisigaw:

ITAGUYOD ANG MAKABAYAN, SYENTIPIKO AT MAKAMASANG EDUKASYON!
MABUHAY ANG MGA GURO NG BAYAN!

World Teacher's Day

Oktubre 5, 2011

ACT 10-point demand for greater education budget!

1. Regularization of all Volunteer /Contractual Teachers!
2. 104,000 New Permanent Teacher Items!
3. Salary Grade 15 for Teacher 1! Salary Grade 16 for Instructor 1 in the State Colleges and Universities! P6,000 Increase in Base Pay of non-teaching personnel!
4. Increase Chalk Allowance to P2,000!
5. Increase Base Productivity Pay to P5,000!
6. Increase Clothing Allowance to P6,000
7. P91.5 Billion for Classroom Shortage & Other School Facilities!
8. Adequate Budget for Universal Kindergarten program!
9. Greater State Subsidy for PNU (Philippine Normal University) and All SUCs (State Universities & Colleges)!
10. 100% Increase in MOOE in All Levels of Education!
CHALK WALK to Malacanang!
CHALK TALK with PNoy!
ACT Now to Increase CHALK ALLOWANCE to P2,000!
Salary Grade 15 para sa mga Guro ng Bayan!

ACT Now for Greater Education Budget!
Assembly 1pm-2pm at FEU Morayta at 3pm

UP... Bigyan ng Sapat na PONDO

Josephine " JD" Dionela

Malawakang strike ay sadyang gagawin
Simula na ngayong araw ng Lunes mandin
Di kasi makuha kung basta kausapin
Kaya pag-iistrike di kayang pigilin

Bilang nangungunang unibersidad sa bansa
Suporta ng gobyerno'y di dapat mawala
Upang makitang ang landas nga ay tama
Dahil edukasyo'y susi sa pag-aangat ng bansa

Kalidad ng edukasyon ay gawing mataas
Kaya't itong pondo ay dapat na sapat
Mga gastos na kailanga'y matugunang lahat
Sa labas at loob ng bansa ay tiyak na tanyag

Sa UP Charter 2008 ay sadyang isinasaad
Na ang UP ang Nasyonal na Unibersidad
Gobyerno ang dapat na dito'y tumupad
Sa pagpapalago, operasyon at pagpapanatili ng kalidad

Noong Nobyembre 26 ng taong nagdaan (2010)
Inihayag ng UP Council na dapat dagdagan
Pondo ng gobyerno ay kulang na kulang
Adminstrasyo'y hirap na gastos ay matustusan

Halimbawa rito ay mga laboratoryo
Kailangang maiayos at dapat na ay moderno
Kung kalidad na edukasyon ang dapat matamo
Huwag namang ipagkait ang sapat na pondo

Dagdag na halimbawa ay iba pang pasilidad
Mga silid aralang may sapat na lawak
Para di mainit at magsiksikang ganap
Hindi na nagpapaypay habang nagsusulat

Kung sa larangan naman na pampalakasan
Dapat ay may espasyo na para lang diyan
Kaya't P.E building nawa'y matutukan (swimming pool sa UP Manila)
Kailangang kailangan ng Unibersidad 'yan

Banggitin din natin ay ang mga guro
Marami na ang lumipat at lumayo
Kinapos kasi sa inaasahang benepisyo
Kaya't nananaig ang pag-alis dito

Isa pang malaking isyu a itong ospital
Di ba't mga mamamayan ito ang takbuhan
Lalo't mahihirap at nangangailangan
Nararapat lang na malaki ang pondong ilaan

Kaya't nananawagan sa ating gobyerno
Gawan ng paraang magkaroon ng pondo
Pondong sadyang sapat at walang reklamo
Kung nais ang edukasyon ay umayos ng husto

Ang panawagang ito ay di lamang para sa UP
Maging para sa lahat nito pong SUCs (State, Colleges and Universities)
Pare-pareho ang sitwasyon nga kasi
Kailangang mai-angat ang kalidad ng marami

Pangulong Aquino nawa ay marinig (P-NOY)
Edukasyon at kalusugan ang bigyan po ng pansin
Kung nais pong tuwid na landas ang tahakin
Matalino at malusog na mamamayan ang dapat paramihin